


② ISANG ARAW NG ESTUDYANTE SA JUNIOR HIGH SCHOOL

_____ : Pagpasok



Sa paaralan ng Japan, namumuhay ang lahat na sumusunod sa oras. ※Pakinggan ang paliwanag sa paaralan at isulat ang oras. Isuot ang uniporme ng paaralan sa pagpasok, at pagbutihing huwag mahuhuli sa klase. (Tingnan ang P. 20).

Maglalakad sa pagpasok at sa pag-uwi.

※Ipaalam kaagad sa paaralan kung hindi papasok (mahuhuli o maagang uwi) (Tingnan ang P. 30).


※Depende sa paaralan, pinapayagan ang mag-aaral na magbisikleta sa pagpasok kung malayo ang tirahan. Kung magbibisikleta, gumamit ng helmet, at mag-ingat sa daan.

_____ :
Simula ng klase



Meeting sa umaga pagpapaalam ng Gawain sa 1 araw at magsasalita ang homeroom teacher. Palitan ang

mga estudyanteng magiging EMCEE. Sa 1 buwan ilang beses na magkakaroon ng pagtitipon sa umaga, pagtitipon ng mga estudyante, at academic year.




Ang meeting sa umaga

50 minutos ang isang klase. 5~6 na oras ang klase sa isang araw. 4 na oras ang klase sa umaga.

Sa gitna ng bawat klase ay may break time (10 minutos). Sa panahong ito naghahanda ang mga estudyante ay naghahanda para sa susunod na klase o lilipat sa ibang classroom, (science, music, PC, Cooking etc.)

_____ :
School lunch



Iba ang sistema ng bawat Distrito • Paaralan, kaya magtanong sa paaralan.

Maaari ring pumunta ng banyo sa oras na ito.

May mga paaralan na ang lahat na estudyante ay makakahiling ng school lunch (ilang parte sa AoiKu, SurugaKu at ShimizuKu) At may mga paaralan na ang mga estudyante lamang na may pangangailangan ang makakahiling ng school lunch (Karamihang parte ng ShimizuKu)


※Ang bayad sa school lunch ay ¥4500 sa 1 buwan, At may mga itinakdang tagapagsilbi.

Ang mga tagapagsilbi ay kailangang magsuot ng puting apron at mask, ang gawain nila ay magdala at mamahagi ng mga pagkain.

Kailangang iwi ang ginamit na puting apron sa Biyernes, labhan ito sa bahay at ibalik sa paaralan sa Lunes.

※Iba bawat paaralan _____ puting apron at mask


May araw na magdadala ng baon. Tingnan sa P. 32 ang tungkol sabaon “obento” .



_____ : Paglilinis



_____ : Simula ng klase sa hapon.



: _____ Meeting bago mag-uwian ✖Para sa may pang 5 klase
Sisiguraduhin ang nilalaman ng pag-aaral, dadalhing bagay at homework at isusulat ito sa plan notebook, magsasalita ang homework teacher.

✖Para sa may pang 6 klase, simula ng _____ : _____
Club activities.

Uwian, Sasali sa club activities.

May estudyanteng umuwi at hindi sumasali sa club activities.

Sa 1 buwan ilang beses na may pagtitipon bago uwian,

At student committee activities.,

Ang oras ng pagtapos ng club activities ay depende sa panahon, itanong sa paaralan ang ditalye nito.

[Halimbawa ng club activities] ✖Iba bawat paaralan

[Halimbawa ng Sports Club] Baseball Club(Lalaki) Soccer Club(Lalaki)
Basketball Club (Lalaki/Babae) Volleyball Club (Lalaki/Babae)
Tennis Club (Lalaki/Babae) Table tennis Club (Lalaki/Babae)
Track & Field Club Swimming Club Judo Club Kendo Club
Softball Club (Babae)



[Halimbawa ng Culture Club]

Brass band club Arts Club Personal Computer Club Natural Science club

Ang layunin ng club activities ay hindi para lamang manalo sa mga tournament o makatanggap ng award, ngunit nakakapag-aral din upang malinang ang sariling kakayahan, at makasalamuha sa mga taong iba't iba ang edad.

Walang club activities sa araw ng Lunes. At may paaralan din na walang club activities sa araw ng Huwebes.